Grace Notes
Número 66

Dr. Charlie Bing

# Bakit Laganap ang Lordship Salvation?

Isang tanong na madalas itanong ng mga nanghahawak sa posisyung Free Grace ay *Bakit laganap ang Lordship Salvation*? Ang posisyung Free Grace ay nagtuturo na ang kaligtasan ay sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Cristo lamang, na nangangahulugang ang isang hindi ligtas ay walang magagawang anuman o makapapangako (gaya ng pagpasakop kay Jesus bilang Panginoong ng kaniyang buhay) upang maligtas, at ang *manampalataya* ay nangangahulugang makumbinse ng katotohanan ng ebanghelyo. Ang pananaw na Lordship Salvation ay nakatayo bilang kasalungat ng posisyung Free Grace sa pagtuturong ang hindi ligtas na tao ay dapat manampalataya kay Jesucristo bilang Tagapagligtas *at* magpasakop sa Kaniya bilang Panginoon ng kaniyang buhay. Bagama't may mga espisipikong sagot mula sa Biblia na maibibigay (tingnan ang mga nakaraang Tala ng Biyaya), dito ihahayag lang natin ang ilang dahilan kung bakit laganap ang mga Lordship Salvation.

**Kasulatang mali ang interpretasyon.** Ang kabiguang ihiwalay ang mga pasahe sa Biblia na may kinalaman sa kaligtasan at ang mga pasaheng may kinalaman sa Cristianong pamumuhay (o pagiging alagad) ay nagdala sa marami sa pananaw na Lordship. Naipagkakamali nila ang mga isyung may kinalaman sa pag-aaring matuwid at pagpapaging banal, na dahilan upang ang "ebanghelyong" Lordship ay humingi ng maraming kundisyon ng katapatan at pagsunod. Nakalulungkot na ito ay nagdaragadag ng merito ng tao sa ebanghelyo. Ang pangangaral ng mga tekstong ito bilang kundisyon ng kaligtasan ay maaaring magresulta sa maraming panlabas na katapatan, ngunit ito rin ay nagbubunga ng guilt at pag-aalinlangan.

**Kautusan laban sa biyaya.** Ang teolohiyang Lordship ay madalas nagmumula sa pagkalito sa Kautusan at biyaya. Ang paglipat ng mga moral na kautusan ng Kautusan ni Moises sa panahon ng biyaya matapos tuparin ni Jesucristo ang Kautusan ay gumagawa sa pagsunod sa kautusan na isang mahalagang bahagi ng kaligtasan- kung hindi sa unahan bilang kundisyon ng kaligtasan ay sa hulihan bilang patunay ng kaligtasan. Binibigyang diin ng mga tagataguyod ng Lordship na ang mga tunay na ligtas ay susunod sa mga kautusang moral ng Luma at Bagong Tipan na nagpapakitang si Jesus ang Panginoong ng kanilang mga buhay. Ngunit ang pananaw na ito ay nagbabalewala sa pagbabago ng dispensasyon ng Kautusan at biyaya, samakatuwid, ay pagkakaiba ng programa ng Diyos para sa Israel at Kaniyang programa para sa iglesia, winawalang pansin din nito ang realidad na walang sinuman ang makasusunod nang perpekto sa kautusan.

**Luma at bagong Calvinismo.** Mayroong masiglang pagbangon ng malakas na deterministikong Calvinismo, lalo na sa mga kabataan. Ang teolohiyang Lordship ay ang resulta ng teolohiyang ito dahil sa kanilang pananaw ang Diyos ay naghihirang ng ilang sa kaligtasan at nagbibigay sa kanila ng pananampalataya upang manampalataya. Ang dibinong regalo ng pananampalataya ay hindi mabibigo, at kung ganuon ay garantiya ng mapagtiis na buhay kay Jesus bilang Panginoon kung ang isang tao ay talagang ligtas. Ang pananaw na ito ng Cristianismo ay nangangaral ng buong pagtatalaga kay Jesucristo, na sa kaniyang sarili ay kahangahanga, ngunit hindi kung ito ay pagsusulit ng kaligtasan. Ang pangangaral ng pagtatalaga ay nakakaakit sa mga kabataan na tumugon sa hamong ito. Ang nakalulungkot, malamang karamihan sa mga "bata, magalaw at Reformed" na Calvinista ay hindi nauunawaan ang buong paketeng ginagawa ang pagtatalaga bilang kundisyon ng kaligtasan.

**Hindi makatotohanang pananaw ng kasalanan.** Ang kawalan ng kahandaang aminining ang mga Cristiano ay maaaring magkasala nang husto o magpatuloy sa kasalanan ay nagdadala sa marami sa pananaw na Lordship, dahil hindi sila handang aminining ang mga taong ito ay ligtas dahil hindi nila ginawang Panginoon si Jesus. Samantalang nakalulungkot kapag ang Cristiano ay nagkakala, ang mas biblikal na paraan ay ang kilalanin ang realidad na ito na nasasalamin sa buong Biblia. Ang biyaya ay nagbibigay sa mga tao ng kalayaang maglingkod sa Diyos o sa kanilang pansariling pagnanasa. Ang nakalulungkot, hindi lahat ay piniling paglingkuran ang Diyos, ngunit ang solusyon ay hindi ang pahirapin ang ebanghelyo sa pagdaragdag ng mga kundisyon. Ang pagtatak sa mga ito bilang hindi ligtas ay binabalewala o hindi maayos na hinaharap ang aral ng Biblia tungkol sa disiplina ng Diyos at disiplina ng iglesia para sa nagkakasalang Cristiano at ang pagkawala ng kanilang temporal at eternal na mga gantimpala. Posible rin na hindi talaga nila naunawaan ang simpleng ebanghelyo sa simula pa lamang at hindi ligtas kung ganuon.

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.

**Gamot sa pagiging makasanlibutan.** Ang sinsero at lehitimong pag-aalala sa pagiging makasanlibutan ng modernong Cristiano ay dahilan upang marami ang tumanggap ng posisyung Lordship. Napagkuro nilang ang pagiging makasanlibutan ay mula sa ebanghelyong ginagawa ang kaligtasan na "napakadali." Naniniwala silang kung ang kaligtasan ay para lamang sa mga tapat sa pagka-Panginoon ni Cristo, ang pagiging maka-Diyos ay garantisado. Para sa kanila, ang *manampalataya* ay hindi sapat na kundisyon sa kaligtasan; kailangan ang *manampalataya at magpasakop* o *manampalataya at magtalaga*. Nakalulungkot na binabago nito ang kundisyon ng kaligtasan mula sa pananampalataya lamang at naging pananampalatayang may karagdagang dapat gawin ng isang makasalanan.

**Kalikasan ng tao.** Ang ating likas na pagkamuhi sa biyaya ay nagpapalago ng pananaw na Lordship: Mula pa nang pagkalalang, ang mga tao ay nais na magdagdag sa kanilang kaligtasan sa sarili nilang paraan. Ito ay nagbibigay kasiyahan sa ego na naghahanap ng signipikansiya, kahit pa sa pakiramdam lamang na "Nakatulong ako" o "Ganap akong tapat," at kung ganuon ako ay ligtas. Ito ay umaapila sa makasalanang tendensiya ng sangkatauhan sa legalismo- ang saloobing nagpapalobo ng sarili na may magagawa ako sa aking sarili para maging katanggap-tanggap sa Diyos. Ang laganap na legalismo sa halos lahat ng sistemang relihiyon ay tumatanggap sa teolohiyang Lordship.

**Mapanligaw ng retorika.** Ang mga tagasunod ng Lordship ay nakakaimpluwensiya sa marami dahil sa kanilang mapanlait na retorika at misrepresentasyon ng pananaw na Free Grace. Halimbawa, ang posisyung Free Grace ay minsang tinatawag na "walang Panginoong" posisyun kahit pa ang mga tagasunod nito ay naniniwalang ang pagka-Panginoon ni Jesucristo ay esensiyal sa Kaniyang probisyon ng kaligtasan at maka-Diyos na sanktipikasyon. Ang pagkakaiba ay ang mga tagasunod ng Free Grace ay hindi iniisip na ang katapatan kay Jesus bilang Panginoon ng kanilang buhay ay kundisyon ng kaligtasan. Ang katapatan kay Cristo bilang Panginoon ay isyu ng sangktipikasyon (samakatuwid ay Cristianong pamumuhay o pagiging alagad). Ang mga tagasunod ng Lordship ay madalas ding mang-akusa ng "madaling pananampalataya" na mapanligaw dahil walang nagsasabing ang pananampalataya ay madali. Ito ay *simple*, ngunit hindi madali. Isa pang akusasyong mapanlait ay ang Free Grace daw ay "antinomianismo" (walang batas na sinusunod) at nagbibigay sa mananampalataya ng lisensiyang magkasala. Bagama't ang mga tagasunod ng Free Grace ay hindi naniniwalang ang mga Cristiano ay nasa ilalim ng kautusan ng Lumang Tipan, kinikilala nila ang mga utos ng Bagong Tipan sa pagkaunawang ang mga ito ay ginagawa ang mga Cristiano na kalarawan ni Cristo, ngunit hindi ang mga ito nagdadala o nagpapatunay ng kaligtasan. Ang posisyung Free Grace ay nagtuturong ang mabubuting gawa at kabanalan ay nais ng Diyos sa bawat Cristiano.

**Mga sabi-sabi.** Ang mga tao ay may tendensiyang ulitin lamang ang mga lenggwahe at retorikang pinasa sa kanila nang hindi sinusuri kung teolohikal o biblikal ba ang mga ito. Ang mga kasabihang, "Tanggapin si Jesucristo bilang Tagapagligtas at Panginoon" o "Kung Siya ay hindi Panginoon ng lahat, hindi Siya Panginoon" ay naging bahagi ng laganap na lingo ng mga Cristiano. Madalas, hindi pinag-iisipan ang mga pariralang ito bago gamitin at ulitin. Ang paggamit ng mga ganiyang lenggwahe ay hindi kumpirmasyong ang isang tao ay Lordship, ngunit tinutulak siya sa posisyung iyan.

**Pagsesensor.** Prangkahan lang, ang mga nanghahawak sa posisyung Lordship, lalo na ang mga Reformed na Calvinista, ay malawak ang impluwensiya. Ang posisyung iyan ay nagdodomina sa industriya ng limbagan at mga institusyong akademiko, at nagsasagawa ng malakihang mga kumperensiya na sikat sa mga kabataan. Pangit mang pakinggan, ang kontrol na ito ay sinasantabi ang pananaw na Free Grace mula sa mga pang-akademiko at popyular na porum, institusyon at publikasyon, kaya nananagana ang Lordship salvation. Ang tinatawag na "kalayaang akademiko" ay hindi laging nasusunod.

**Pagbubuod**

Ang mga dahilang ito ay mapag-iisa: ang kabiguang maunawaan ang kabuuan ng biyaya ng libreng regalo ng Diyos na nagtutulak sa maraming Cristiano sa Lordship salvation. Ang kanilang pananaw ay nagpapahiwatig na ang biyaya ay napakaganda para maging totoo, kaya nanghihingi ito sa isang tao na mangako ng katapatan sa pagka-Panginoon ni Jesucristo upang maligtas, manatiling ligtas o patunayang sila ay ligtas. Ang Free Grace sa kabilang banda ay tumatanggap sa kahanga-hanga at hindi tampat na kalikasan ng nagliligtas na biyaya ng Diyos at samakatuwid ay nagtuturong ang buhay na walang hanggan ay matatamo lamang sa pamamagitan ng tugon ng pananampalataya hiwalay sa anumang merito mula sa makasalan.

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.